

# Ipapaliwanag ang tungkol sa Hokenshitsu at *Yogo* Teacher sa Japan





Upang makapamuhay nang malusog ang lahat ng mga bata at guardian na may kaugnayan sa iba't ibang kultura, ipapaliwanag dito ang tungkol sa Hokenshitsu at *Yogo* Teacher.

Sa mga paaralan sa Japan, ganap ang mga sistema para mapangalagaan at mapalusog ang isip at katawan ng mga bata. Isa sa mga ito ang Hokenshitsu at *Yogo* Teacher.

Lugar ang Hokenshitsu kung saan maaaring mabigyan ng lunas ang mga bata kapag nagkapinsala sila o sumama ang kanilang pakiramdam. Maaari ring kumonsulta rito ang mga bata at mga guardian tungkol sa pisikal o mental na kalusugan.

Guro ang *Yogo* Teacher na nag-aalaga at nagpapalusog sa isip at katawan ng mga bata habang nagbibigay ng pangunang lunas, at tumutugon sa konsultasyon sa kalusugan ng mga bata. Nasa Hokenshitsu ang *Yogo* Teacher.

Nakikipagtulungan ang mga guro sa Japan sa mga guardian, upang mapanatili at pabutihin ang pisikal at mental na kalusugan ng mga bata. Kapag sumama ang pakiramdam ng mga bata, o nagkapinsala sila, o nagkaroon ng alalahanin sa paaralan, mangyaring huwag mag-atubiling kumonsulta sa Homeroom Teacher o sa *Yogo* Teacher.

Nakahanda ang mga guro para suportahan kayo.

## Ano ang Hokenshitsu?



- Mayroong Hokenshitsu sa mga paaralan sa Japan, at nasa Hokenshitsu ang gurong tinatawag na *Yogo* Teacher.
- Maaaring pumunta ang mga bata at mga guardian sa Hokenshitsu kaugnay sa pisikal at mental na kalusugan o sa buhay sa paaralan ng bata.
- Sa Hokenshitsu, isinasagawa ang mga gawaing kaugnay sa pisikal at mental na kalusugan ng mga bata, tulad ng pangunang lunas, konsultasyon sa kalusugan, pamamatnubay sa kalusugan, eksaminasyon ng kalusugan atbp.
- Sa Hokenshitsu, mayroong mga libro at materyales kaugnay sa kalusugan na maaaring basahin ng kahit sino upang matuto sila tungkol sa pisikal at mental na kalusugan.

## Ano ang ginagawa ng *Yogo* Teacher?



- Tungkulin sa paaralang natatangi sa Japan ang *Yogo* Teacher, na karaniwang nasa Hokenshitsu.
- Nagsasagawa ang *Yogo* Teacher ng mga aktibidad na pang-edukasyon upang mapanatili at pabutihin ang pisikal at mental na kalusugan ng mga bata.
- Nagsasagawa ang *Yogo* Teacher ng pangangasiwa sa kalusugan (pangunang lunas, eksaminasyon ng kalusugan, prebensyon ng karamdaman atbp.), edukasyon tungkol sa kalusugan, konsultasyon sa kalusugan, pagpapatakbo ng Hokenshitsu, at mga aktibidad ng organisasyong pangkalusugan.
- Isinasaayos ng *Yogo* Teacher at Homeroom Teacher ang kapaligiran upang magkaroon ng masaya, ligtas at matiwasay na buhay sa paaralan ang mga batang may karamdaman o kapansanan, at tumutugon sila sa konsultasyon ng mga bata at mga guardian.
- Nagbibigay ng pisikal at mental na suporta ang *Yogo* Teacher upang magkaroon ng malusog na buhay sa paaralan ang mga bata, habang nakikipagtulungan sa Homeroom Teacher, mga lokal na dalubhasa, nauugnay na mga institusyon, at iba pa.
- Hindi maaaring magsagawa ang *Yogo* Teacher ng medikal na paggamot o pagrereseta ng gamot.

Ipapaliwanag dito nang kongkreto ang tungkol sa **Hokenshitsu** at ***Yogo* Teacher**.

## Pangunang Lunas





- Kapag nagkapinsala ang bata, o sumama ang kanyang pakiramdam sa paaralan, magsasagawa ang *Yogo* Teacher ng pangunang lunas sa Hokenshitsu. Maaari ring ang Homeroom Teacher ang magsagawa ng pangunang lunas sa silid-aralan.
- Kapag masama ang pakiramdam ng bata sa paaralan, maaari siyang magpahinga sa Hokenshitsu.
- Kung malubha ang pinsala o sintomas ng bata, irerekomenda ng *Yogo* Teacher sa bata o sa guardian na magpatingin sa ospital, o tatawag sila ng ambulansya.
- Pansamantala ang pangunang lunas na isinasagawa ng *Yogo* Teacher, Homeroom Teacher atbp. upang hindi lumala ang pinsala o karamdaman. Hindi sila magsasagawa ng patuloy na paglunas. Hindi maaaring tumanggap ng gamot ang bata.
- Ayon sa kalagayan ng pinsala o karamdaman ng bata, maaaring makipag-ugnayan sa guardian ang *Yogo* Teacher o Homeroom Teacher sa telepono.




> Mangyaring bantayan ng guardian ang kalagayan ng bata pagkatapos na mabigyan siya ng lunas sa paaralan.

> Kung nagpatingin sa ospital para sa pinsalang natamo sa paaralan, mayroong sistema kung saan maibabalik ang gastusing medikal. Mangyaring magtanong sa *Yogo* Teacher o Homeroom Teacher para sa mga detalye.

## Konsultasyon sa Kalusugan






- Maaaring kumonsulta ang mga bata sa *Yogo* Teacher tungkol sa pisikal o mental na alalahanin.
- Maaaring kumonsulta ang mga guardian sa *Yogo* Teacher tungkol sa kalusugan ng kanilang anak.
- Kapag sinasabi ng bata na "Masakit ang tiyan ko" o "Madali akong mapagod" at pumunta siya sa Hokenshitsu, habang pinakikinggan ang bata at inoobserbahan ang kanyang kalusugan, titiyakin ng *Yogo* Teacher ang kalagayan ng bata, magbibigay ng payo o gagawin ang kinakailangang pangunang lunas.
- Maaaring makatanggap ang bata o guardian ng impormasyon mula sa *Yogo* Teacher o Homeroom Teacher, ayon sa pangangailangan, tungkol sa mga dalubhasa tulad ng school counselor o school social worker, doktor at iba pa, o dalubhasang institusyon tulad ng welfare office, public health center, child guidance center at iba pa.

## Pamamatnubay sa Kalusugan



- Maaaring magpaturo ang mga bata ng kaalaman at kasanayan kaugnay sa kalusugan tulad ng paraan ng paglunas sa pinsala o karamdaman at iba pa, o tumanggap ng materyales mula sa *Yogo* Teacher.

## Prebensyon at Pangangasiwa sa Karamdaman





- Sa paaralan, nagsasagawa ng prebensyon at pangangasiwa sa karamdaman ng mga bata habang nakikipagtulungan sa mga guardian.
- Nagtutulungan ang Homeroom Teacher at *Yogo* Teacher sa pagsasagawa ng pag-oobserba sa kalusugan ng mga bata araw-araw, upang makapamuhay nang malusog ang mga bata.
- Kung natuklasan ang pisikal o mental na isyu ng bata, tutugon ang *Yogo* Teacher sa konsultasyon ng bata o guardian, magbibigay sila ng payo, o irerekomenda nila ang pagpapatingin sa institusyong medikal at iba pa.

## Suporta para sa mga Batang May Karamdaman o Kapansanan



- Maaaring magpahinga sa Hokenshitsu ang mga batang kailangan ng bukod-tanging suporta dahil sa karamdaman, kapansanan o iba pa, ayon sa kanilang kalagayan.
- Habang nakikipagtulungan sa Homeroom Teacher, tutugon ang *Yogo* Teacher sa konsultasyon ng batang kailangan ng bukod-tanging suporta dahil sa karamdaman, kapansanan o iba pa, o ng kanyang guardian, at tutulong sila para mapangasiwaan ang karamdaman.

Bukod sa mga aktibidad na itong isinasagawa sa paaralan para mapanatili at pabutihin ang kalusugan ng mga bata, mayroong **eksaminasyon ng kalusugan, edukasyon tungkol sa kalusugan**, at **kalinisan ng kapaligiran**.

## Eksaminasyon ng Kalusugan



- Sa paaralan, nagsasagawa ng regular na eksaminasyon ng kalusugan sa unang akademikong termino.
- Mayroong mga sumusunod na uri ng eksaminasyon ng kalusugan.
  Pagsukat ng timbang at tangkad, test ng paningin, test ng pandinig, pagsusuri ng tainga at ilong, pagsusuri ng ngipin, pagsusuri ng mga mata, internal check-up, test ng ihi, test ng electrocardiogram, pagsusuri ng tuberkulosis at iba pa
- Kung makita sa resulta ng eksaminasyon ng kalusugan ang cavity o pagsama ng paningin, posibilidad ng karamdaman, obesity o iba pa, ipapaalam ito ng Homeroom Teacher o ng *Yogo* Teacher sa bata at sa kanyang guardian, hihikayating magpatingin sa ospital, at papayuhang magbalik-tanaw sa mga nakaugalian sa pamumuhay.
- Nagsisikap ang mga paaralan at guro sa Japan para sa prebensyon, maagang pagtuklas, at pagtugon sa karamdaman ng mga bata.

## Edukasyon tungkol sa Kalusugan



- Mayroong klase ng kalusugan mula sa ika-3 baitang ng elementarya.
- Mag-aaral ang mga bata sa klase ng kalusugan tungkol sa mekanismo ng katawan, at mga bagay na kaugnay sa pagpapanatili at pagpapabuti ng pisikal at mental na kalusugan.
- Mayroon ding mga lektura kaugnay sa pisikal at mental na kalusugan sa mga pagtitipon atbp. ng mga estudyante ng baitang o ng buong paaralan.

## Kapaligirang Mabuti sa Kalusugan




- Upang magkaroon ang mga bata ng ligtas at matiwasay na buhay sa paaralan, nagsasagawa ang paaralan ng pagsusuri ng kalinisan ng kapaligiran, pangangasiwa sa kalinisan at inspeksyon ng mga pasilidad at kasangkapan.

Nilikha ang pamphlet na ito bilang bahagi ng FY 2018-2021 Grant-in-Aid for Scientific Research (C) "Pagbubuo ng Programa ng Pagsasanay sa mga Guro para sa Paglikha ng Komunidad ng Pag-aaral at Pangangalaga na Sumasaklaw sa mga Batang may Karamdaman" (Grant No. 18K02611 Yukari Takehana, Pangunahing Mananaliksik).

*Ipinagbabawal ang pagkopya o pagsipi nang walang pahintulot. Kung nais itong kopyahin o sipiin, mangyaring makipag-ugnayan sa may-akda. (e-mail: gakugeiyougo@gmail.com)

May-akda: Yukari Takehana (Tokyo Gakugei University), Chikage Saito (Saitama University), Takashi Asakura (Tokyo Gakugei University), Hiroyuki Takahashi (Chiba University)

Nakipagtulungan: Chikako Mise, Tomomi Sakakibara (Tokyo Gakugei University), Yoshiko Nozaki (Tokyo Metropolitan Kodaira Municipal Dai Go Elementary School)

Disenyo: Yukako Hara

Tagapaglathala: Tanggapan ni Propesora Takehana, Tokyo Gakugei University